Mga Tulang Pananaliksik Hango sa
National Catechetical Study (NCS) 2016-2018

ni **CLARENCE M. BATAN**

Orihinal na isinulat sa **Filipino** at isinalin sa **sampung wika**

Mga Tagasalin

Bikol
Erlinda Balaoro
Ma. Danielle Villena

Bisaya
Fr. Nelson S. Plohimon, OAR
Ma. Cecilia L. Balajadia
Msgr. Maximo Sarno

Hiligaynon
Ray Anthony Bofill
Fr. Nelson S. Plohimon, OAR
Cynthia P. Tendencia

Ibanag
Fr. Carlos C. Villanueva

Ilocano
Fr. Carlos C. Villanueva
Florence C. Navidad
Rolando O. Dela Cruz

Kapampangan
Charles Henry C. Espiritu

Pangasinan
Norma Villapa
Corazon Q. Targa

Waray
Ma. Joselyn Año-Cabato
Gloria Año-Oray

English
Luciana L. Urquiola
Jeanette P. Grajo

Español
Abigail T. Pagalilauan

KUWENTO NG DISENYO NG PABALAT AT LAYOUT

Ang pabalát ng libro ay dinisenyo ni **Romel G. Sencio**, isang *freelance research assistant, multimedia artist, photographer, at videographer.* Siya ay nagtapos ng *Bachelor of Arts in Sociology* sa *Mindanao State University – Iligan Institute of Technology* at sa kasalukuyan ay isang online-based research assistant ng *National Catechetical Study (NCS) 2021: Pastoral Action Research and Intervention (PARI) Project sa Unibersidad ng Santo Tomas.*

Mula sa inspirasyon ng logo ng *NCS 2021: PARI Project,* makikita sa pabalat ang ginuhit na kalapating sumisimbolo sa Espiritu Santo na lumulukob sa salitâng Katekista na waring malikot na nagsasayaw sa paikot na paint brushes na may mga kulay na berde, kayumanggi, at dilaw. Ang berde ay opisyal na kulay ng *NCS 2021* hango sa logo ng *CBCP-ECCCE*. Ang kayumanggi ay sumisimbolo sa kulay ng balát ng mga Pilipino . Ang dilaw ay sinasagisag ang kulay ng Simbahang Katolika at ng *UST*. Sa kabuoan ng layout, makikita ang paglalaro ng mga kulay na ito gámit ang paint brushes na kumakatawan sa mapagkumbaba at makahulugang galaw ng búhay ng mga katekistang naging *respondents* sa pag-aaral na ito.

Katekista

Mga Tulang Pananaliksik Hango sa
National Catechetical Study (NCS) 2016-2018

ni **CLARENCE M. BATAN**
Orihinal na isinulat sa **Filipino** at isinalin sa **sampung wika**

2021

Inilathala ng University of Santo Tomas (UST) Research Center for Social Sciences and Education (RCSSED) Room 211, Thomas Aquinas Research Complex (TARC),
UST, España Boulevard, Sampaloc, Manila, Philippines, 1015
Telepono: +632-8786-1611 local 4040 | Telefax: +632-8731-3535
Email: rcssed@ust.edu.ph

Karapatang-ari © 2020 ng *Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) - Episcopal Commission on Catechesis and Catholic Education (ECCCE), University of Santo Tomas (UST) Research Center for Social Sciences and Education (RCSSED)* at ni *Clarence M. Batan.*

Reserbado ang lahat ng karapatan, kasáma na ang karapatan sa muling paglilimbag at paggamit sa anumang anyo at paraan maliban kung may nakasulat na pahintulot mula sa mga may hawak ng karapatang-ari.

Unang paglimbag, 2021.

Disenyo ng libro ni *Romel G. Sencio*

Rekomendadong lahok:

Batan, Clarence M., author.

Katekista : mga Tulang Pananaliksik hango sa National Catechetical Study (NCS) 2016-2018 / ni Clarence M. Batan.; orihinal na isinulat sa Filipino at isinalin sa sampung wika. -- [Manila, Philippines] : Catholic Bishops Conference of the Philippines (CBCP) - Episcopal Commission on Catechesis and Catholic Education (ECCCE) University of Santo Tomas' (UST) Research Center for Social Sciences and Education (RCSSED), xxvii, 286 pages; 22.86 cm.

ISBN 978-621-95490-7-3 (softbound)
ISBN 978-621-95490-8-0 (pdf)
ISBN 978-621-95490-9-7 (epub)

1. Catechists. 2. Catholic Church -- Catechisms. 3. Religious poetry. 4. Philippines. 5. Religion and sociology. 6. Social research. I. Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) - Episcopal Commission on Catechesis and Catholic Education (ECCCE) II. Research Center for Social Sciences and Education (RCSSED) University of Santo Tomas (UST) III. Clarence M. Batan

BX1959.9 . B311 2020

Inilimbag ng Raintree Trading & Publishing, Inc.
21 Matimtiman Street, U.P. Village, Quezon City
Telephone: 02 8921 8060
Email: raintree.publishing@gmail.com

Ang gawang ito ay lisensiyado sa ilalim ng Creative Commons Attribution-NonCommercial-ShareAlike 4.0 International License. Upang makita ang kopya ng lisensiyang ito, bisitahin ang http://creativecommons.org/licenses/by-nc-sa/4.0/ o magpadala ng sulat sa Creative Commons, PO Box 1866, Mountain View, CA 94042, USA.

Ang **Porticus Asia, Ltd.** ay naggawad ng ***international research grant*** sa proyektong ito. Ang pondong ito ay malaking suporta sa Simbahang Katolika at sa espirituwal na pagbuo ng ministeryong kateketikal sa bansang Pilipinas.

MGA NILALAMAN

Paghahandog **IV**

Pasasalamat **V**

Prologo
Katekista, Katekesis, Katoliko **VII**

Paanyaya
Kuwentong-Katekista **IX**

Panimula
Mga Tulang Pananaliksik: Sulyap, Suri't Súbok sa Sosyolohiya ng mga Katekistang Pilipino **XIII**

Pahinungod
Ang Hámon at Yaman ng Pagsasalin sa Proyektong NCS 2016-2018 **XXII**

MGA Tulang Pananaliksik

Filipino **F1**
Bikol **Bk1**
Bisaya **Bs1**
Hiligaynon **H1**
Ibanag **Ib1**
Ilocano **Ic1**
Kapampangan **K1**
Pangasinan **P1**
Waray **W1**
English **Eng1**
Español **Esp1**

Epilogo
Isa Pang Tula, Isang Tugong-Pasasalamat **XXV**

Mga Tagasalin **XXVII**

PAGHAHANDOG

Para sa mga minamahal naming
Mga Katekistang Pilipino

Sa aming pananaliksik, ang mga **KATEKISTA** ang maituturing na natatagong "K" ng ating simbahan.

Hindi "karapatan", "kapakanan" o "kakayahan" kundi "kayamanan".

Ang mga **KATEKISTA** ang maituturing na natatagong **KAYAMANAN** ng ating simbahan.

Alagaan po natin sila.

PASASALAMAT

Ang librong ito ay bunga ng halos apat na taóng pagdalaw (2016-2020) sa iba't ibang *Ecclesiastical Territories (ETs)* sa buong Simbahang Katolika ng ating bansa. Mula Aparri hanggang sa Basilan, samu't saring mga naglilingkod sa ating Simbahan ang aming nakadaupang-palad – nakausap, nakakuwentuhan, at higit sa lahat, nabahaginan ng mga *research finding* ng *National Catechetical Study (NCS) 2016-2018* na ang pokus ay tungkol sa mga búhay ng mga Katekistang Pilipino. Isa sa pinakagustong bahagi ng aming presentasyon ay ang mga Tulang Pananaliksik.

Kaya't sa ngalan ng *Catholic Bishops' Conference of the Philippines' (CBCP) – Episcopal Commission on Catechesis and Catholic Education (ECCCE)* sa pamumuno ni Bp. Roberto C. Mallari, DD, at ng *University of Santo Tomas' (UST) Research Center for Social Sciences and Education (RCSSED),* ang *NCS* Research Team ay lubos na nagpapasalamat sa mga sumusunod:

- Sa pamunuan ng *CBCP* sa pangunguna ni Abp. Romulo G. Valles, D.D. ng Archdiocese of Davao, at lahat ng kasámang mga obispong tumulong at kumalinga sa aming pananaliksik;

- Sa mga bumubuo ng technical working group at advisory council ng *CBCP-ECCCE* sa nakaraang limang na taon (2016-2021) lalo na kina Msgr. Gerry Santos, Fr. Ernesto de Leon, Sr. Ma. Jesusa Enginco, O.P, Annalee Tenefrancia, at sa maraming consultant at lider kateketikal na nagbigay ng suporta sa *NCS*;

- Sa pamunuan ng *UST*, mula sa aming Rector na taos-pusong tumulong upang maisakatuparan ang *NCS*, si Fr. Herminio V. Dagohoy, O.P.; ang kasalukuyang Rektor Fr. Richard G. Ang, O.P.; ang aming consultant at taga-suporta, Fr. Pablo T. Tiong, Vice Rektor for Religious Affairs; ang Dominican community; ang mga taga-pamuno sa pananaliksik na sina Prof. Maribel G. Nonato, PhD, Vice Rector for Research and Innovation, Prof. Belinda de Castro, PhD, *RCSSED* Director; kasáma rin ang tulong-suporta ng aming mga kapuwa-mananaliksik sa *RCSSED* at mga administrative staff na sina Ma. Carmelita Santos at Arabella San Agustin-Mejorada; at inspirasyon ng mga kasáma namin sa Faculty of Arts and Letters sa pamumuno ni Dean Marilu R. Madrunio, PhD; sa Department of Sociology, at sa buong kolehiyo;

- Sa lahat ng mga naging bahagi ng *NCS* research team mula sa *UST* – ang unang grupo ng mga mananaliksik mula 2016-2018 na sina Joan Christi S. Trocio-Bagaipo, Florence Co Navidad, Ma Cecilia L. Balajadia, Louell V. Baldoza, Dennis Ian B. Sy, Joanne C. Santiago, Arthur Ace B. Malatag; at ang lahat ng naging bahagi ng NCS 2021 na sina Ma. Cecilia L. Balajadia, Florence Co Navidad, Heiden Anorico, Ruth DL. Andaya, Ma. Danielle Villena, Jaycar Espinosa, Tisha Isabelle M. de Vergara, at mga nagbigay-tulong na sina Kristine Meneses, Joanne C. Santiago, Debbie Mariz Manalili, Emmanuel I. Bernardino, Ina Francesca G. Deuna at Mary Camille S. Cabatu; gayundin ang aming mga Sociology research assistants na

sina Riva Charlene Caragdag, Jovilu Ann Corpuz, Maria Angela De Castro, Mark David Derayunan, Micah S. Estrologo, Ninna Sandra F. Fernandez, Celda Palma, Romer Harvey Salud, at Denise C. Tumaneng; ang nagsilbing Filipino editor, Alvin Ringgo C. Reyes, at tumulong sa pagbuo ng *library catalog,* Ma. Cecille Lobo ng *UST Main Library;*

- Sa mga guro, estudyante, seminarista, pari, madre, at layko mula sa iba't ibang ET, na nagsilbing mga *research assistant, survey enumerator, encoder, transcriber, proof-reader,* at iba pang gawaing-pananaliksik;

- Sa maayos na paglimbag ng librong ito, kay Ciloy Melgar ng *Raintree Trading and Publishing, Inc.;*

- Kay Romel G. Sencio, sa pagpapaunlak na magdisenyo ng una niyang libro; ang iyong sining at talento ay tunay na nadama sa bawat pahina ng librong ito;

- Sa mga nagsalin ng mga Tulang Pananaliksik sa sampung wika na sina Erlinda Balaoro at Ma. Danielle Villena (Bikol); Fr. Nelson S. Plohimon, OAR (Bisaya at Hiligaynon); Ma. Cecilia L. Balajadia at Msgr. Maximo Sarno (Bisaya); Ray Anthony Bofill at Cynthia P. Tendencia (Hiligaynon); Fr. Carlos C. Villanueva (Ibanag at Ilocano); Florence C. Navidad & Rolando O. Dela Cruz (Ilocano); Charles Henry C. Espiritu (Kapampangan); Norma Villapa at Corazon Q. Targa (Pangasinan); Ma. Joselyn Año-Cabato, Gloria Año-Oray (Waray); Luciana L. Urquiola at Jeanette P. Grajo (English); Abigail T. Pagalilauan (Español) at sa mga iba pang tumulong sa proseso ng pagsasalin at unang nakasilip ng *translation drafts* na sina Cecilia Medina at Mc Kenneth M. Baluyot (Filipino); Fr. Jupe Garalde (Bikol); Sr. Lydia Perales, TDM, Fr. Roy F. Mejias, at Phoebe Zoe U. Sanchez (Bisaya); Edith R. Banguilan at Wilma T. Aggabao (Ibanag); Ruth Rivera at Keith Joven (Kapampangan); Fr. Pablo T. Tiong, O.P., Fr. Benedict Villapa, Fr. Reynor Munsayac, O.P., Jefferson S. Aquino, Bro. Wilhelm Boñon at Korina Carla Targa - Boñon, (Pangasinan); Sr. Mariben M. Espinosa, LGC, at Fr. Cyril Caliba (Waray);

- Sa mga naglaan ng pondong-pananaliksik - ang *CBCP* sa pangunguna ng *ECCCE,* iba't ibang *Ecclesiastical Territories, UST,* at international research grant mula sa *Porticus Asia, Ltd.;*

- At higit sa lahat, sa mga katekistang nagpaunlak na ang kanilang búhay ay maisiwalat, masuri, maisalaysay at maikuwento sa *NCS* tulad ng metodong tulang pananaliksik sa librong ito.

Hindi man namin maisa-isang mapangalanan ang mga libo-libong Simbahang-lingkod na naging instrumental upang mabuo ang librong ito, sigurado po kaming sa pamamagitan ng aming dalanging-pasasalamat, ang Poong Maykapal na po ang maghahatid sa inyo ng biyaya at pagpapala. Amen.

Clarence M. Batan
Abril 7, 2020

Prologo
Katekista, Katekesis, Katoliko

ni **Clarence M. Batan**
Lider Mananaliksik
NCS 2016 - 2018 at NCS 2021: PARI Project

Sa gitna ng *COVID-19 pandemic* na sadyang nagpatigil ng ating mga karaniwang-gawain dulot ng malawakang *Enhanced Community Quarantine (ECQ)*, minarapat ng *NCS 2021: PARI Project Research Team* na ilunsad ang prepublication online draft version ng librong ito upang tugunan ang tatlong mahahalagang dahilan.

Ang unang dahilan ay ang libu-libong mga katekistang napakinggan na ang mga Tulang Pananaliksik sa aming mga research presentation sa buong bansa. Madalas, humihingi sila ng kopya nito para ibahagi sa kanilang kapuwa-katekista, mga kaparokya, kasáma sa organisasyon, sa pamayanang kanilang kinabibílangan, at sa kanilang mga kapamilya. Pangako namin na ilalathala namin ito at isasapubliko upang masulyapan nila sa mga taludtod ng mga tula - ang búhay at kahulugan ng kanilang pagiging katekista, at kung bakit sa aming pananaliksik, sila ay itinuturing naming mga natatagong kayamanan ng ating simbahan.

Ikalawa ay ang nakaaantig na mga reaksiyon ng mga unang nakabása, nakasulyap, nakarinig ng mga Tulang Pananaliksik. Samantalang ang *qualitative technique* na ito ay ginagamit na sa iláng disiplina ng agham panlipunan, maraming nagulat na puwedeng gamítin ang porma ng "tula" upang katawanin ang datos mula sa pananaliksik. Tradisyonal na *social statistics* at naratibo gámit ang *coded-quotations* ang una naming ginamit sa presentasyon sa mga katekista. Tanggap at may pagsang-ayon naman ang mga katekista sa mga *research finding* pero mas gusto nila ang mga kuwentong hango sa mga *interview* at *focus group* sa likod ng mga numero at *bar charts*. Kaya gámit ang mga literatura, kuwento, *codes, field notes*, at iba pang materyales, sa maraming pagsubok, sinuri ko ang mga datos, pumili ng mga *codes* upang malaman ang tema ng isang *research finding* na kakatawanin sa iilang pilíng salita na bubuo sa isang "tula". Ang tulang ito ay hindi kathang-isip o dulot ng isang inspirasyon. Bagkus, ito ay non-fiction, mula sa datos, mga *code o codes* at tema ng pananaliksik. Ang buod at kaluluwa ng pagsusulat ng tula ay hindi ang magtago ng kahulugan ngunit upang maisiwalat ang akma at totoong realidad ng sinasaliksik. Na sa iilang pilíng salita, sa pagpinta ng *research finding*, huhugutin ang mga kulay mula sa datos habang pababayaan ng mananaliksik na ang katotohanan ang mangusap, magsabi, at magpaliwanag sa bawat taludtod ng tula. Ito ang mga Tulang Pananaliksik na sa mga katekista ay nagbabadya ng waring bagong metodo ng katekesis. Obserbasyon namin, mukhang matagal nang naghihintay ang mga katekista na magkaroon sila ng mga bagong *catechetical material* at *module* para mas epektibo nilang harapin ang hámon ng katekesis at new evangelization.

Ang ikatlo at panghuling dahilan ay tungkol sa ating mga Katoliko, partikular táyong mga Katolikong Pilipino. Sa aming pag-ikot sa bansa, sa maraming simbahan, madalas una kaming naeengganyo sa ganda ng mga estruktura ng mga katedral at mga bahay-dalanginan. Ngunit matapos naming makausap ang mga katekista, doon namin laging nababanaag ang tunay na "Simbahan". Ang simbahang may malaking letrang 'S', dahil ang mga katekista ay tunay na nagpapamalas ng malalim na kahulugan ng pagka-Katoliko – ang tunay na maglingkod sa Panginoon nang walang bayad, maglaan ng panahon at talento kahit limitado, mag-aral at magturo ng tungkol sa pananampalataya, at hikayatin ang marami na maging bahagi ng isang pamayanang Kristiyano na niyayakap ang mga doktrinang pang-Katoliko. Ang mga katekista ay mahalagang bahagi sa pagbubuo ng Simbahang Katoliko. Mahahalagang alagaan natin sila at mas mahalagang matanto kung paanong mas marami sa atin ang susunod sa kanilang mga yapak upang maglingkod din bílang katekista. Dahil bílang mga Katoliko, lahat táyo ay tinatawag na maging katekista.

Nawa'y ang handog na ito, ang *KATEKISTA: Mga Tulang Pananaliksik hango sa National Catechetical Study (NCS) 2016-2018* ay mabasa ng maraming nais malaman ang dahilan kung bakit hanggang ngayon, buháy na buháy pa rin ang pananampalatayang Katolikong Kristiyano sa bansang Pilipinas.

Paanyaya
Kuwentong-Katekista

ni **+Obispo Roberto C. Mallari, DD**
Tagapamuno, CBCP-ECCCE
Obispo, Diyosesis ng San Jose de Nueva Ecija

Simula pa noong 2016, nang muling inilunsad ang *National Catechetical Study* ng *Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) - Episcopal Commission on Catechesis and Catholic Education (ECCCE)* na kasalukuyan kong pinamumunuan, naging daan ang pananaliksik na ito upang kilalanin ang mga bayaning Katekista na walang sawang pumupunta sa mga pampublikong paaralan upang magturo ng mahahalagang aral tungkol sa ating Panginoong Hesukristo, sa mga sakramento, at sa marami pang bagay tungkol sa ating búhay-pananampalataya bílang mga Katoliko. Lalo ko pang nakita ang halaga nila kapag naalala ko ang nakakatuwang kuwento ng aking mahal na Tatay.

Ang aking Tatay ay ulilang lubos simula pa noong pitong taóng gulang siya. Kuwento niyang may bahid na lungkot sa akin,

> "Anak, hindi madali ang maging ulila, para bang nasa dilim ka palagi dahil walang matandang tumutulong at gumagabay".

Pero waring gumaan ang lahat noong una niyang nakilala ang Panginoon sa pamamagitan ng kanyang Tiyo na isang Katekista. Ito ang masayang alaala ni Tatay sa kanyang unang katekista:

> "Ang aking Tiyo ang unang nagturo sa aking magdasal ng *Ama Namin*. Habilin niya sa akin, kapag litong-lito ako at hindi ko alam ang aking gagawin, pumunta lang daw ako sa simbahan, humarap sa altar at magdasal ng *Ama Namin* nang paulit-ulit. At magbuhat noon, kapag ramdam ko ang bigat ng mga problemang aking pinagdaraanan, ito ang aking ginagawa – ang paulit-ulit na dasalin ang *Ama Namin*. At walang mintis! Anak, kapag nararanasan ko ang dilim sa akin búhay, lumiliwanag ang anumang suliranin, matapos akong magdasal, at nalalaman ko kung ano ang tama kong gawin."
>
> "At ang isang kalituhan sa aking búhay na labis na nagbigay sa akin ng takot at pangamba ay noong malapit na akong ikasal sa iyong Nanay. Naku, nakaramdam ako nang malaking takot noon dahil sa nangyari sa aking búhay na naulila akong maaga. Naisip kong baka mamatay agad ako at ang aking mapapangasawa. Magiging mahirap ang sitwasyong ito para sa aming magiging mga anak. Ayaw ko silang maging ulila tulad ko. Dahil dito, nagbalak talaga akong umurong sa aming kasal. Sobrang takot ang aking nadama noon."
>
> "Pero tulad ng habilin ng aking Tiyong katekista, dumalaw ako sa simbahan at doon, paulit-ulit kong dinasal ang *Ama Namin*. Anak, habang nagdarasal, doon ko nadama ang kapayapaan at nadama ko

na gusto ng Diyos na pakasalan ko ang Nanay mo."

"Yan ang istorya ng simula ng aming pagmamahalan ng iyong Nanay at kayong aming mga anak."

Sa kuwentong ito ni Tatay, nabatid ko ang kahalagahan ng simpleng pagdarasal na natutuhan niya mula sa isang katekista. Totoo nga, pabiro ko lang naisip na kung nagpatalo si Tatay sa tákot na kaniyang naramdaman noon, hindi sila nagkatuluyan ni Nanay. At kung nangyari iyon, wala kami sa mundong magkakapatid. At walang Bobet na magpapari!

Ako din ay may personal na karanasan sa aking naging katekista. Mga Grade 4 ako noon, marahil para mas mapalapít kami sa simbahan, nang narinig kong sinabi sa amin sa klase na,

"Kapag nagpari kayo pupunta sa langit ang inyong mga magulang".

Parang may kumurot sa aking puso at iyon ang simula ng aking bokasyon, na kung saan, nagising ang pagnanasa kong maging pari. Kaya pagkauwi ko, sinabi ko agad sa aking mga magulang,

"'Tay, Nay, gusto ko pong magpari".

At dahil dito, agad-agad namang binigay sa akin nila Tatay ang pananagutan na mamuno sa pagdarasal ng rosaryo ng aming pamilya.

Kayâ pagka-graduate ng Grade 6, na-surpresa ako na nakipag- appointment pala ang aking mga magulang sa dáting Rektor ng *Mother of Good Counsel Seminary,* ang butihing si Arsobispo Emeritus Paciano B. Aniceto, DD, para sa aking intensiyon. Nakakatuwang alalahanin na sa aming salusalong kaínan kaharap si Father Rektor, tinanong niya ako kung bakit gusto kong maging pari. Agad kong tugon,

"Dahil gusto ko pong pumunta sa langit ang aking mga magulang."

Nang marinig ang aking kuwento ng isang kaibigang pari na kasáma namin sa seminaryo, minsang nagkukuwentuhan kami, agad niyang sinabing,

"Oo nga naman, iyan ang punto talaga ng pagpapari, ang aral ng pagliligtas, unang-una ng ating mga magulang at pamilya."

Nakagagaan ng loob na isiping noong naging pari na ako, sa lahat ng pagdiriwang ko ng misa, sa maraming pagkakataon, kasáma ko ang aking magulang, lalo na si Tatay. Naku gaano man kalayo ang aking pagmimisahan, si Tatay ang kasáma kong naglalakbay. Kasáma ko ang aking mga magulang sa aking misyon bílang pari, walang mintis ang kanilang pagdarasal sa aking bokasyong maglingkod sa simbahan. Lalo na noong naging Obispo ako. Sa maraming taon, sila ang kasáma kong magmisa, magdasal, at maglingkod sa simbahan hanggang sa mga panahong dinapuan sila ng sakít at panghihina. Hindi nga sila pinaghiwalay agad ng Panginoon, walang naulila sa amin nang maaga taliwas sa tákot at karanasan ni Tatay dahil biniyayaan ang aking

mga magulang nang mahaba at makabuluhang búhay kapiling kami – ang kanilang unang simbahan.

Sa hulíng bahagi ng búhay ng aking mga magulang, maraming beses ko silang naipagdasal at napagkalooban ng sakramento ng pagpapahid ng langis sa maysakit. Masakit mang mawala sila sa mundo ngunit hinding- hindi ko makakalimutan ang hindi mabílang na dami ng táong nakiramay noong sila ay namatay. Sa dami ng nagdasal, nagmisa at nakiisa, nasabi ko sa sariling inaalala ang katekistang unang nagmulat sa akin ng aking bokasyon,

> "Tama nga ang aking gurong katekista, pupunta nga sa langit ang mga magulang ko!"

Ito po ang aking paanyaya sa lahat ng mabibigyan ng pagkakataóng basahin at pagnilayan ang librong ito, ang koleksiyon ng mga tulang pananaliksik hango sa mga datos ng búhay ng mga katekista batay sa *NCS 2016-2018* na isinulat ni Dr. Clarence M. Batan na mula sa Filipino ay isinalin sa sampung wika.

Tunay ngang maituturing na kayamanan ng ating Simbahan ang mga katekista, kayâ mabuti pong ipagkaloob natin sa kanila ang tamang pagpapahalaga, pagkilala at paggalang. Mabúhay po ang ating mga katekista sa buong Pilipinas!

Nawa'y sa bawat tulang inyong mababása, isang dasal din ang inyong masambit – para sa ating mga katekista, para sa ating Simbahang Katolika.

Pagpalain táyong lahat ng Poong Maykapal kasáma ng ating Mahal na Inang Maria, Amen.

Larawan mula sa Diyosesis ng San Jose de Nueva Ecija

Panimula

Mga Tulang Pananaliksik: Sulyap, Suri't Súbok sa Sosyolohiya ng mga Katekistang Pilipino

ni **Clarence M. Batan**
Lider Mananaliksik
NCS 2016 - 2018 at NCS 2021: PARI Project

Sa aking pagtaya, marami ang magugulat, magtataka o kapag maganda ang gising, baka mapangiti sa pagdiskubreng puwede paláng pagsamahin ang tula at pananaliksik. Na puwede paláng gawing mga tula ang mga datos ng pananaliksik. Hindi man ito popular na lapit ngayon, ang "tulang pananaliksik" o *"research poems"* (Cousik, 2014; Furman, Lietz, & Langer, 2006) sa English, ay isang patunay na ang sining na ang gámit ay mga sinuring salita ay may kapangyarihang katawanin ang mga ideya ng isang siyentipikong proyekto tulad ng *National Catechetical Study (NCS) 2016 - 2018*.

May labing siyam na tulang pananaliksik sa librong ito na unang naisulat sa Filipino at isinalin sa sampung wika – Bikol, Bisaya, Hiligaynon, Ibanag, Ilocano, Kapampangan, Pangasinan, Waray, English at Español. Ang ika-dalawampung tula, ang *Isa Pang Tula, Isang Tugong-Pasasalamat,* ay maituturing na isang pahabol na tulang pananaliksik din dahil nabuo ito na tangan ang karanasang kateketikal ng pasasalamat sa aming pananaliksik. Sa kabuuan, ang bawat tula ay bunga ng kuwalitatibong metodo na etnograpiya ng karanasan ng mga katekista sa ministeryong kateketikal sa bansa. Gámit ang samu't saring estratehiya sa pagkalap ng mga datos tulad ng panayam, ginabayang-talakayan, pagmamasid, at pagkikisalamuha sa maraming ritwal at gawaing-kateketikal, ang mga tula ay maituturing na bunga ng mayabong na sanga-sangang kuwento at kuwentuhang kasáma ang lahat - mula sa mga obispo, lider-kateketikal, katekistang-lingkod, mga nakatanggap ng katekesis, at iba pang bahagi ng ministeryong ang katekesis ay itinuturing na isang misteryo. Na sa mundo ng mga katekista, mas maiintindihan nila ang datos na isinasalaysay sa payak na paraan. Dito ko naalala na ang tula ay may kapangyarihang magkuwento gámit ang datos, sa maikli ngunit makahulugang paraan, malaya man sa sukat at tugma, basta't ang mahalaga ay magkaintindihan.

Sa librong ito, ang mga tulang pananaliksik ay ang magsisilbing "tubig" na didilig sa púno ng pananampalataya. At ang mga tagapag-dilig, ang lahat ng bahagi ng ministeryong kateketikal na ang mga kuwentong-búhay ay inilahad sa *NCS*, na minsang naitanim sa malawak na kalupaan ng pananaliksik.

Bílang panimula, hayaan po ninyong ikuwento ko ang apat na dimensiyon sa pagbubuo ng mga tulang pananaliksik sa librong ito. Ito ay kinakatawan ng apat na temang salita na nagsisimula sa letrang "S" - ang sulyap, suri, súbok, at Sosyolohiya. Ilalahad nito ang "sulyap" sa pinagmulan ng tulang pananaliksik bílang metodo ng paglalahad ng mga datos at susundan ng kuwento kung

paanong "sinuri" ang mga datos na kinakatawan ng mga tula. Ang "súbok" ay paglalahad ng aking karanasan kung paano ko isinulat sa Filipino ang mga tulang pananaliksik. Ang huling bahagi ay ang maikling pagkilala sa "sosyolohiya" bílang disiplinang pinaghugutan ng balangkas ng mga tulang pananaliksik.

Sulyap

Simula pa noong ako'y bata, may paghanga na ako sa sining ng pagtula. Ilang beses din akong naituring na manunula ng taon sa paaralang elementarya at sekundarya, at kapag daka'y natutunan ko na ring magsulat ng mga tula, sa Filipino man o English. Marami rin akong kursong panitikan na kinuha sa kolehiyo na lalong nagpalapít sa akin sa malawak na mundo ng mga sining at panitik. Ngunit sa lahat ng ito, ang agham panlipunan na aking natutunan ay waring hiwalay sa mga sining ng wika tulad ng tula o kuwento, dahil ang metodo naming gabay ay madalas gámit ang *social statistics* at mabuti na lang, lumalakas na rin ang hatak sa paggamit ng kuwalitatibong estratehiya ng pananaliksik sa bansa.

Una kong nasulyapan ang kapangyarihan ng tula sa pananaliksik sa aking librong Talim (Batan, 2000) na kung saan, ang huling bahagi ng aking etnograpiya ng mga kabataan ay isang tula na may pamagat na, *Skylab,* na kumatawan sa mga búhay na nagbabakasakali sa biyaya ng Lawa ng Laguna. Gayundin ang aking naging lapit sa disertasyong *Istambay* (Batan, 2010) na kung saan kahit batid kong wala sa siyentipikong tradisyon ang tula sa manuscript, pinabayaan ang aking tulang, *Hindi Lahat/ Not All,* upang kumatawan sa búhay ng mga pilíng istambay sa Pilipinas. Noon pa man, batid ko na ang kahalagahan ng tula sa pananaliksik, at ng pananaliksik na binibigyang búhay sa pamamagitan ng tula. Ayon sa mga eksperto:

> *"The term research poem connotes the use of poetry less for expressive and literary means, and more for the purposes of generating or presenting data. The difference between a literary poem and a research poem can be seen in the position of the author to the data. Whereas research poems might borrow methods from literary poems, as is the case in the present study, they are written with the expressed purpose of presenting data that remain faithful to the essence of the text, experience, or phenomena being represented" (Furman, Lietz, & Langer, 2009, p. 60).*

Samakatuwid, ang mga tulang pananaliksik na aking nilikha sa librong ito ay kumakatawan sa mga datos na aming nakalap. Dahil pareho ang porma at sining, epektibong naiintidihan ng aming mga *respondent,* ang mga katekista, ang kinalabasan ng pag-aaral. Na hindi lamang kathang-isip ang mga mga Tulang Pananaliksik na mula sa imahinasyon ng manunulat ngunit batay ito sa kung ano ang ibinubugang baga ng mga datos. Na sa aking kamalayan, batid ko ang init ng búhay ng mga katekistang aking nakapanayam at nakasalamuha, na binigyang búhay ko sa pamamagitan ng suring-sulyap na sa mga pilíng salita, titilamsik ang natatagong apoy na sumasagisag sa kahalagang ng kanilang papel sa Simbahang Katolika.

Suri

Bunga ng matagal at malalim na pagsusuri ang mga tulang pananaliksik sa librong ito. Tulad ng isang bata, kinailangan kong aktibong matutunan at maintindihan ang kalakaran ng ministeryong kateketikal ng Simbahang Katolika. Nauna ang aking pagsusuri sa mga datos mula sa *survey,* interbyu, at ginabayang-talakayan. Dahil dito, naging pamilyar ako sa sosyo-demograpikong sitwasyon ng mga katekista na nabigyang-búhay ng samu't saring kuwento. Parehong kuwantitatibo at kuwalitatibong datos ang aking sinuri na nagpalitaw sa mga mahahalagang tema ng pag-aaral. Gámit ang mga numero, talahayanan, at graph na ikinahon sa makukulay na *data infographics,* iprinesenta namin ang kinalabasan ng pananaliksik sa mga *respondents.* Tama at akma naman daw ang aming presentasyon ngunit nasaan ang diwa't kaluluwa ng mga kateketikal na karanasang walang pag-aatubiling ibinahagi sa amin ng mga *respondent?*

Aaminin kong mahirap tugunan ang obserbasyong ito ngunit batid ko rin na ang mga karanasang yumayakap sa katauhan ng bawat Kristiyano ay puso't pusod ng katekesis. Marapat lamang na bigyan ito ng atensiyon, lalo na ng mga mananaliksik na tulad ko. Nasulat nga sa bagong direktoryo:

> *"Human experience is integral to catechesis, in its identity and process and also in contents and method, because it is not only the place in which the word of God is proclaimed but also the space in which God speaks. The experience of individuals or of society as a whole must be approached with an attitude of love, acceptance, and respect. God acts in every person's life and in history, and the catechist imitates Jesus in being open to this presence. This sets him free from thinking of the person and of history solely as recipients of the initiative and establishes a relationship of reciprocity and dialogue, in listening to what the Holy Spirit is already silently accomplishing" (Pontifical Council for Promoting the New Evangelization, 2020, pp. 124-125).*

Kayâ't dito ko muling naaala ang sining ng pagtula. Sino nga bang hindi matutuwang ilarawan ang isang karanasan sa pamamagitan ng isang makahulugang tula? Siguro, matutuwa rin ang mga katekista kung ang sinaliksik na búhay nila ay ipinta ng mga pilíng salita gámit ang sining ng pagtula? Ito nga marahil ang bintanang magbubukas sa kanilang makahulugang kateketikal na karanasan. Sa sulatin ni McCuliss (2013) ipinaliwanag niya na:

> *"Poetry, perhaps more than any other approach or discipline, gets to the essence of qualitative methodology. It presents, and is a catalyst for, a window into the heart of human experience. Poems written by participants or study subjects serve as expressive synecdoches for their representative cultures. Poems employed as catalysts provoke insightful responses, allowing for a more in-depth and holistic understanding of the ethnography and perceptions of a particular group or population" (p. 83).*

Súbok

Ang unang tulang pananaliksik na isinapubliko ko ay ang *Paskong Katekista*. Isinulat ko ito bílang pamaskong handog at pagkilala sa mga katekistang-lingkod. Sinundan ito ng mga tulang - *Bakit Ayaw Magsimba ng mga Batà, Pamasahe, Katekistang-Lingkod, at Lider-Kateketikal.* Ang pinaghugutang konteksto at datos nito ay ang ministeryong kateketikal sa bansa. Hindi lamang ito kuwento ng mga katekista. Mga kuwentong katekista ito kasáma ang mga batang kanilang tinuturuan, magulang, kapwa katekista, at lider-kateketikal na gumagabay sa gawaing-katekesis. Sa mga interseksiyong ito sinubukan kong bigyan-hugis, porma, at kulay ang karanasan ng mga katekista gámit ang mga umusbong na tema mula sa datos. Ang bunga ay mga tulang nagtatampok sa kanilang halaga at papel sa Simbahang hinaharap ang mga hámon ng kontemporaryong mundo. Gámit ang sining ng pagtula, malinaw ang tungkulin ko bílang isang akademikong mananaliksik – ang katawanin sa malikhaing paraan ang mga datos. Ayon kina Lahman, Richard, at Teman (2018):

> *"We academics do not write with the intent of having our method of writing criticized, as artists are criticized in the art world. We do not live fully in the art world; we do not want to live fully in the art world, but we want to be able to use art-like creations to represent our participants' voices and our methodological discoveries to put into question the very nature of what it means to do academic research and representation" (p. 4).*

Mapapansin din ang espesyal na paggamit ko sa metapor na *Krus Na Daan*. Sa 14 na mga tula, ang pananaliksik ay naging kanlungan ng mga datos tungkol sa mga katekista na sa kakaibang *Biyernes Santo* noong 2019, itinulak ang aking isip at diwa, upang sa loob ng limang oras, mula 10:00 ng umaga hanggang 3:00 ng hapon, sa oras ng pagkadakila sa pag-alala ng pagkamatay ng Panginoong Hesukristo, ang huling mga saknong ng ika-14 na istasyon, nabuo ko't waring nakiayon, sa pansamantalang pagtatapos ng aking pagninilay sa pagpapasakit at pagpapahirap, gámit ang sining ng tula sa kalakaran ng búhay ng mga katekistang aking nakilala't nakalasamuha sa ilang taóng pananaliksik.

Kakaiba ang umaga ng Abril 19, 2019, *Biyernes Santo*. Makulimlim ngunit mainit. Walang hangin ang malamlam na umagang nagtutulak sa aking magdasal. Hindi tulad ng maraming taon na ipinagdiriwang ko ang linggo ng Mahal na Araw kasáma ang aking mga magulang, lumuwas ako sa Maynila para magsuri ng datos at magsulat, para sa *NCS*. Kayâ't inihanda ko ang aking sarili para sa isang espesyal na araw. Ang tradisyunal na *Biyernes Santo* ay sandali ng pagninilay at katahimikan ngunit sa araw na iyon, waring nagwawala ang pananaliksik kong damdamin; pumipintig ang aking isip ng mga tema't ideya mula sa datos tungkol sa ministeryong kateketikal. Handa akong magdasal sa araw na ito at pagnilayan ang *Biyernes Santo.*

Sa pagpasok ko sa *UST Chapel,* sa unang pag-antanda, nabanaag ko ang nakatanghal na Banal na Eukaristiya sa kaliwang panig ng unahan ng simbahan. Napapaligiran ito ng samu't saring bulaklak at may naririnig akong malambing

na musikang pansimbahan na nakakaenganyong magnilay. Natatakpan ang mga imahen ng mga telang kulay lila. Marami-rami rin ang mga taóng nagdarasal at sinusundan ang mga istasyon ng krus. Pami-pamilya, grupo-grupo. Sumasaliw ang kanilang mga dasal sa katahimikan ng mga taóng nakahanay para makapangumpisal at iyong iba, mga nakaupo't nakaluhod, nagbabantay sa harap ng Banal na Eukaristiya. Dinala ako ng aking mga paa sa unahan ng simbahan upang magdasal at magnilay. Pumuwesto ako sa pinakaunang hanay ng mga upuan saka lumuhod upang manalangin.

Sa pagpikit ng aking mga mata, naalala ko ang mga kuwento ng mga katekista. Napangiti ako dahil napagtanto kong ang mga datos na nagpupumiglas sa aking isip ay maaaring katawanin ng *Krus na Daan* na buod ng *Biyernes Santo.* Kayâ't kinuha ko ang aking *smartphone* at gámit ang *OneNote App,* ang nagsisilbing *notebook* sa aking phone, sinubukan kong isulat ang tulang *Hapunan (I),* ang unang istasyon ng koleksyon ng mga tulang pinamagatan kong, *Krus na Daan ng Katekistang-Lingkod.* Dumaloy ang mga pilíng salita at bumuhos ang mga ideyang hango sa mga datos na ang agos ay waring sinusundan ang mga istasyon ng krus. Doon sa aking pagdarasal at pananalangin, nabuo ko sa harap ng Banal na Eukaristiya ang mga tulang kumakatawan sa *Getsemani (II), Sanhedrin (III), Koronang Tinik (IV), Krus (V), Nabuwal (VI), Simon Sireneo (VII), Pagsalubong (VIII), Ipinako (IX) , Dimas (X)* hanggang sa ika-labing isang istasyon, *Habilin (XI).* Nakaramdam ako ng gutom at uhaw kayâ't pansamantalang tumigil ang pagdaloy ng mga ideya. Kayâ nagdesisyon akong humanap ng makakainan o puwedeng bilhan ng tubig. Ngunit *Biyernes Santo* nga pala? Dahil batid kong kumawala ang lakas ng aking imahinasyon sa paglikha ng mga Tulang Pananaliksik, nadama ko ang panghihina at takot. May kahulugan ba ang aking mga nasulat? Kung ito ay araw ng pag-aayuno upang damhin kahit kaunti ang sakripisyo't pagtiiis ng Panginoong Hesukristo, para saan at kanino ang mga tulang ito?

Sa gitna ng gutom at uhaw, sinubukan kong basahin ang mga nalikhang Tulang Pananaliksik bílang dasal sa bawat estasiyon ng krus na daan. Bínasa at binigkas ko sa akin sarili ang bawat taludtod, ang mga saknong, ang kabuuan ng tulang kumakatawan sa pilíng tema ng búhay ng mga katekista. At doon ko nabatid at higit na nadama kung paanong pinapabanal ng ministeryong kateketikal ang búhay ng mga katekistang-lingkod.

Matapos ang pagbisita ko sa *UST Chapel,* umuwi na ako sa *condo;* gutom pa rin pero itinuloy ko lang ang sakripisyo. Hinabol ko naman ang taunang *Siete de Palabras* mula sa Santo Domingo na ipinalabas sa TV. At habang nakikinig sa pagninilay ng mga Dominikanong pari at layko sa huling pitong wika ng Panginoong Hesukristo, doon ko naisulat ang huling tatlong Tulang Pananaliksik – ang *Pagkamatay (XII), Paghimlay (XIII) , at Pagkabúhay (XIV).*

Tandang-tanda ko pa na sa pagpatak ng 3:00 ng hapon, nadama ko ang panghihina. Ang tahimik na paligid ay nabalutan nang paglamlam ng kalawakan at pag-ulan. Na sa sandaling ito, umiyak ang langit ng mga luhang pumatak sa aking salaming bintana. Kayâ't nakita ko rin ang pagdaloy at

pagluha. Ito ang araw na kung saan, sa kauna-unahang pagkakataon, naka-likha ako ng 14 na mga tulang hango sa pananaliksik. Gámit ang sining ng pagtula, tiniyak kong maging parehong sensitibo at kritikal sa pagpili ng mga salitang kakatawan sa búhay ng mga katekistang- lingkod. At ang krus na daan, bílang metapor ng ministeryong kateketikal na mundong kanilang ginagalawan. At dahil dito, hindi ko makakalimutan ang araw na ito. Ang araw na kung saan, bílang mananaliksik, mas binigyang-diin ko ang pagdama ko sa mga karanasan ng mga katekistang-lingkod. Hindi sa numero o bílang ng pagsisimba pagdarasal, pagluhod o pagdalo sa mga rituwal, ngunit sa pamamagitan ng malikhaing tula na sa aking palagay ay magpapalitaw sa natatagong yaman at kahulugan ng kanilang mga karanasang ang katekesis ang sentro. Tulad ng sinulat ni Furman (2006), itinuturing ko na ang uri ng aking pananaliksik ay nakasentro sa pagpapahayag ng mga datos gámit ang malikhain at nakakaenganyong pamamaraan na hindi taliwas sa akmang pahiwatig at kahulugan.

> *"Expressive researchers are concerned that artificially reducing the experience of people into numerical forms extracts the richness and meaning from experience, ultimately rendering data insufficient approximations. Expressive researchers concede that the very process of transforming experience into language alters it in a fundamental manner, yet attempts to preserve its essence through creative and evocative techniques, which allow for data reduction without stripping out its essential properties" (p. 136).*

Sosyolohiya

Mula sa konseptuwalisasyon, pagkalap ng mga datos hanggang sa pagsusuri, ang aking kasanayan sa Sosyolohiya ang nagsilbing gabay upang sistematikong saliksin ang búhay ng mga katekistang-lingkod. At sa pagkakataóng ito, pinili ko ring gamitin ang inspirasyon ng sining ng pagtula upang lubos na mailarawan ang isip, katawan, at mundo ng ministeryong kateketikal. Ayon kay Owton (2017):

> *"A sociological phenomenological approach can inspire poetic inquiry by also exploring the interaction between mind-body-world" (p. 21).*

Hindi ko inakalang sa pananaliksik na ito, magiging mahalaga ang sosyolohikal na lapit upang matuklasan ang kahulugan ng konsepto ng "katekista" sa búhay at kultura ng kasalukuyang Simbahang Katolika lalo pa't nagdiriwang ng ika-500 taon ng Kristiyanismo ang ating bansang Pilipinas. Aaminin kong sa simula ng pananaliksik, nadiskubre kong mas marami ang aking duda at kawalan ng kaalaman sa "katekesis" bílang konsepto. Ito ay sa kabila na lumaki akong malapít sa parokya at nakapag-aral sa isang Katolikong paaralan. Pamilyar man ako sa gawaing- katekesis dahil naturuan ako ng mga katekistang kamag-anak at nagkaroon din ako ng pagkakataon na maging isang *student catechist.* Nang matapos akong grumadweyt ng high school, natapos na rin ang aking karanasan sa katekesis. Ika nga, walang *follow-up.* Hindi naman ako tuluyang nalayo sa pagiging Katoliko ngunit aaminin kong dahop at kulang ang aking pagkakaintindi sa relihiyon na bahagi ng aking pagkakakilanlan bílang tao.

Nakalagay lamang ito sa aking *resume,* at mga *application form,* pero walang kahulugan.

Mas alam ko pa ang Sosyolohiya na aking propesyon. Mas naiintindihan ko pa ang Agham Panlipunan. Mas may tapang at bagsik akong ipagmalaki na isa akong Pilipinong sosyologo pero hindi ang pagiging Pilipinong Katoliko. Nagpapasalamat ako sa Poong Maykapal dahil ang *NCS* ang nagbigay sa akin ng pagkakataóng gamitin ang Sosyolohiya upang muling payabungin ang aking pananampalatayang Katolika. Binuhay ng pananaliksik ang naninimdim kong paniniwala sa Simbahan. Dahil sa mahabang panahon, muli akong napadalaw sa malalaking katedral, nakausap ang mga obispo, pari, layko, at mga katekistang-lingkod, at nagkaroon ako ng pagkakataóng muling intindihin ang aking pananampalataya. Kayâ't maituturing kong isang malaking katekesis ang *NCS,* at ang proseso ng pagsusulat ng Tulang Pananaliksik ay sitwasyon na kung saan, nagtagpo ang aking Sosyolohiya at ang pananampalatayang bubot man sa katekesis ay pinamulaklak at pinabunga ng mga napakinggan at nasaksihan kong kuwento ng mga katekistang-lingkod.

Hindi nga ako maituturing na katekistang nagsulat ng mga tulang pananaliksik ngunit isang sosyologong binigyan ng pagkakataon ng mga katekistang-lingkod na muling matutunan ang halaga ng kanilang papel sa Simbahan, muling marinig ang ang pananampalataya sa pamamagitan ng kanilang mga boses, at muling matampok ang mumunti at payak nilang kabanalan.

Sa akin palagay, kasáma kong mga may-akda ang mga katekistang-lingkod sa lahat ng mga tulang pananaliksik na aking naisulat. Ako lamang ang naging daan upang malikhaing maisa-tula ang kanilang búhay. Maituturing din na lehitimong may-akda ang lahat ng mga tagasalin ng aking mga tula, dahil sila rin ay may panibagong talas, lalim, at kahulugan na kumatawan sa mga katekistang-lingkod gámit ang samu't saring wika. Kayâ, puwedeng sabihin na bunga ang mga tulang pananaliksik ng malikhaing pakikipagtulungan. Ika nga,

> *"Collaborative poetics draws specifically on the arts-based research methods of poetic inquiry and autoethnography, bringing these together with the principles and practice of participatory research. It takes from poetic inquiry the use of poetry as a research tool, and from autoethnography a focus on personal experiences to describe and transform the world. Collaboration with participants (the co-researchers of participatory research), and with poets, allows these features to be combined and strengthened (Johnson, Carson-Apstein, Banderob, & Macaulay-Rettino, 2017)."*

Ang malayang pagsayaw ng Sosyolohiya sa indayog ng ministeryong kateketikal marahil ang dahilan kung bakit may kurot sa damdamin – may napapatawa, nalulungkot, napapasigaw, at napapaiyak - ang mga tulang pananaliksik. Nais kong isipin na ang librong ito ay nagtatampok sa isang malikhaing pagsasalarawan ng *Sosyolohiya ng Katekistang Pilipino* na bahagi ng mas malawak ngunit hindi pa lubos na nauunawaang *Sosyolohiya ng Katolisismo sa Pilipinas.*

Mga Sanggunian

Batan, C. M. (2000). *TALIM: Mga Kuwento ng Sampung Kabataan (TALIM: Lifehistories of Ten Young People).* Manila: Social Research Center, University of Santo Tomas.

Batan, C. M. (2010). *Istambay: A Sociological Analysis of Youth Inactivity in the Philippines.* (Doctor of Philosophy in Sociology Dissertation). Dalhousie University, Halifax.

Cousik, R. (2014). Research in Special Education: Using a Research Poem as a Guide for Relationship Building. *The Qualitative Report, 19*(26).

Furman, R. (2006). Poetry as research: Advancing scholarship and the development of poetry therapy as a profession. *Journal of Poetry Therapy, 19(3)*, 133-145. doi:10.1080/08893670600887965

Furman, R., Lietz, C., & Langer, C. (2006). The Research Poem in International Social Work: Innovations in Qualitative Methodology. *International Journal of Qualitative Methods, 5*(3).

Furman, R., Lietz, C., & Langer, C. L. (2009). The Research Poem (in Social Work). In M. Xenitidou & N. Gilbert (Eds.), *Innovations in Social Science Research Methods.*

Lahman, M. K. E., Richard, V. M., & Teman, E. D. (2018). ish: How to Write Poemish (Research) Poetry. *Qualitative Inquiry, 25*(2), 215-227. doi:10.1177/1077800417750182

McCulliss, D. (2013). Poetic inquiry and multidisciplinary qualitative research. *Journal of Poetry Therapy, 26*(2), 83-114. doi:10.1080/08893675.2013.794536

Owton, H. (2017). *Doing Poetic Inquiry* (V. P. Glăveanu & B. Wagoner Eds.): Palgrave Macmillan.

